Republic of the Philippines
Department of Education
Schools Division Office of Las Piñas City
Almanza Elementary School
Office of the Principal

# Ikatlong Markahang Pagtatasa
## MOTHER TONGUE -MLE 1

**Pangalan:**________________________________ **Puntos:**____________
**Baitang:**__________________ **Petsa:**_____________

### Pagdiriwang ng Kaarawan

Kaarawan ng bunsong si Tina. "Maghanda tayo ng salo-salong pambata," sabi ng Nanay.

"Mabuti pa ay mamasyal na lamang tayo at kumain sa labas," sabi ng Tatay.

"Tiyak pong higit pang ibig ni Tina ang magpiknik tayo sa *resort*,"sagot ng Ate.

"Alam ko ang ibig ni Tina," sagot ng Kuya. "Ibig niyang manood tayong lahat ng sine."

"Hindi! Hindi! Sagot ni Tina. "Ibig ko ay manikang malaki at lumalakad kapag inaakay.

***Mula sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa 2

**Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot:**

1. Sino ang may kaarawan?
   A. Ate B. Kuya C. Tina

2. Paano ibig ipagdiwang ni Nanay ang kaarawan?
   A. Pagkakaroon ng salo-salong pambata.
   B. Panonood ng sine.
   C. Pagpipiknik sa *resort*

3. Paano ibig ipagdiwang ni Tatay ang kaarwan?
   A. Pagkakaroon ng salo-salong pambata.
   B. Panonood ng sine.
   C. Pamamasyal at pagkain sa labas.



Inihanda ni: Aura Eden C. Ilagan
LIVEWORKSHEETS

4. Sino ang may nais manood na lamang ng sine?
   A. Tatay B. Kuya C. Tina

5. Ano ang nais ni Tina?
   A. Manood ng sine.
   B. Bumili ng manika.
   C. Magkaroon ng salo-salo.

6. Alin sa mga salita ang may **unlapi**?
   A. umiyak B. talon C. tulugan

7. Alin sa mga salita ang may **gitlapi**?
   A. naglinis B. latagan C. tinuka

8.Alin sa mga salita ang may **hulapi**?
   A.basahan B. takbo C. itapon


9. Tukuyin ang kailanang panghalip panao na may salungguhit.
   **Kami** ay pupunta sa *SM* mamaya.

   A. Isahan B. maramihan C. wala

10. Tukuyin ang kailanang panghalip panao na may salungguhit.
   Dan at Pat, **kayo** ang magbantay ng bahay.

   A. dalawahan B. maramihan C. wala

Para sa bilang 11-13.






Inihanda ni: Aura Eden C. Ilagan
LIVEWORKSHEETS

11. Tungkol saan ang tsart?
    A. tungkol sa mangga

    B. tungkol sa mga aklat

    C. tungkol sa mga prutas

12. Ano ang pinakapaboritong prutas ng mga mag-aaral?
    A. mangga    B. saging    C. mansanas

13. Aling prutas ay pinakamadalang kainin ng mga mag-aaral?
    A. dalandan    B. mansanas    C. saging

14. Aling pangkat ng mga sallita ang nagsasaad ng sanhi?
    A. Nag-aaral ng mabuti si Alex

    B. Kaya mataas ang marka niya sa pagsusulit.

    C. Letrang A at B.

15. Aling pangkat ng mga sallita ang nagsasaad ng bunga?
    A. May sugat si Andi.

    B. Kaya iyak siya nang iyak.

    C. Letrang A at B.

16. Aling pangkat ng mga sallita ang nagsasaad ng sanhi?
    A. Nasa ospital si Winona.

    B. dahil mataas ang lagnat.

    C. Letrang A at B.

17. Tukuyin ang salitang may salungguhit.
    Ang pangalan ko ay Ami. **Ako** ay pitong taong gulang.
    A. Panghalip Paari

    B. Panghalip Panao

    C. Pang-uri

18. Tukuyin ang salitang may salungguhit.
    Lito, **iyo** ba ang bag na ito?
    A. Panghalip Paari

    B. Panghalip Panano



Inihanda ni: Aura Eden C. Ilagan
LIVEWORKSHEETS

C. Pandwa

19. Tukuyin ang salitang may salungguhit.
Laganap at nakahahawa ang sakit na COVID-19 **kaya gumagamit ang mga tao ng facemask at alcohol.**
A. suliranin B sulosyon C. pangatlig

20. Tukuyin kung anong uri ng salita ang may salungguhit
Ang mga tao ay nakasuot ng ***facemask***.
A. ngalan ng tao
B. ngalan ng bagay
C. ngalan ng lugar

21. Tukuyin ang salitang may salungguhit.
Dinala sa ***Cruz Medical Cental*** ang may sakit na bata.
A. ngalan ng tao
B. ngalan ng bagay
C. ngalan ng lugar

**Si Farah sa Fatima**

Miyerkules ng umaga, Araw sana ng pagpunta ni Farah sa Dambana ng Fatima. Doon ginagawa ang pagnonobena at pag-aalay ng bulaklak ng Birheng Maria.

Ngunit, dahil sa pandemya at ECQ pa, kaya ngayon ay nasa bahay na lamang siya kasama sa panalangin ang kanyang buong pamilya.

22. Paano ginagawa ni Farah ang pagnonobena?
A. pumupunta sa simbahan
B. nakikipagkuwentuhan
C. dumadayo sa kaibigan

23. Bakit hindi na makapunta si Farah sa damdbana?
A. dahil wala na ito
B. dahil inilipat ito
C. dahil bawal lumabas ng bahay



Inihanda ni: Aura Eden C. Ilagan
LIVEWORKSHEETS

24. Paano ipinagpatuloy ni Farah ang pagnonobena sa kabila ng pandemya?
A. naglaro na lang sa *cellphone*
B. sa bahay na lang nag nobena
C. nanood na lang ng *video*

25. Ano ang iniaalay ni Fatima sa Birheng Maria?
A. kandila B. bulaklak C. pagkain

**Ang Bagong Normal**

Makinig ka, apo ang COVID-19 ay isang sakit na mabilis makahawa. Dulot ito ng isang virus na maaaring pumasok sa ating ilong, mata at bibig. Mahalagang alam natin ang mga dapat gawin para maiwasan ito. Magsuot ng *facemask* at *facshield* kung lalabas. Ugaliing maghugas ng kamay gamit ang sabon o kaya mag-alcohol. Labhan agad ang damit kapag galing a labas. Panatilihin ang isang metrong distansya sa mga tao, bilin ng lolo.

26. Tungkol saan ang impormasyong inilahad?
A. COVID-19
B. pagsabog ng Bulkang Taal
C. lindol

27. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
A. doktor at nars
B. lolo at apo
C. nanay at tatay

28. Saan daw maaring pumasok ang *virus*?
A. sa ilong
B. sa mata at ibig
C. lahat ng nabanggit



Inihanda ni: Aura Eden C. Ilagan
LIVEWORKSHEETS

29. Ano-ano ang mga dapat gawin para maiwasan ang COVID-19?
    A. Magusot ng *facemask* at *faceshield* kung lalabas.
    B. Ugaliing maghugas ng kamay
    C. Lahat ng nabanggit

30. Bakit mahalagang alam ang mga dapat gawin kontra COVID-19?
    A. Upang makapasyal sa parke
    B. Upang makaiwas sa sakit
    C. Upang makapaglaro sa labas ng bahay



Inihanda ni: Aura Eden C. Ilagan
LIVEWORKSHEETS